(Ang iyong lokal na tagapayo!) Huwag Mag-atubiling Kumonsulta sa MINSEI-JIDO IIN

Tutulungan ka ng MINSEI-JIDO IIN sa pamamagitan ng pag-uugnay sa mga suportang kailangan mo

Halimbawa, mayroon ka bang katanungan ukol sa kapakanan tulad ng mga sumusunod?

- **Paano mag-aplay ng benepisyo tulad ng insurance sa pangmatagalang pangangalaga?**
- **Paano gamitin ang serbisyong pang-kapakanan? (para sa mga bata, matatanda, taong may kapansanan, atbp.)**
- **Wala sapat na pera na pangtustos sa pang-araw-araw na pamumuhay**
- **Ano ang mga lokal na patakaran para sa pagtatapon ng basura?**
- **Mayroon akong mga inaalala tungkol sa aking anak at pagpapalaki sa kaniya.**

atbp.

< Mga Gawain ng MINSEI-JIDO IIN >

○ **Pagpapayo para sa pag-aalaga, pagpapalaki ng bata at pang-araw-araw na alalahanin sa buhay**

・Pagmamasid sa mga matatandang mag-isang namumuhay at sa mga may kapansanan pati na rin ang pagbisita sa kanila para kumpirmahin ang kanilang kalagayan.

・Konsultasyon at suporta para sa pag-aalaga ng bata at pang-araw-araw na mga alalahanin sa buhay

○ **Paglilingkod bilang tulay ng mga mamamayan sa gobyerno at mga kaugnay na organisasyon tulad ng sentro para sa konsultasyon sa kapakanan**

・Nagsisilbing tulay para ikonekta ang mga mamamayan sa mga kaugnay na organisayon tulad ng mga ahensya ng pamahalaan upang makatanggap ng serbisyo at konsultasyon na kailangan nila.

○ **Paglahok at pagtulong sa mga lokal na gawain sa kapakanan**

・Sa pakikipag-ugnayan sa mga lokal na organisasyon at samahan ng mga residente, tumutulong sa pangangasiwa at pagsasagawa ng mga lokal na gawain sa mga lugar kung saan maaaring makihalubilo sa bawat isa ang mga matatanda at kabataan.

Suporta para sa matatanda

Suporta para sa mga bata

Ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN ay

"mga empleyado ng lokal na pamahalaan" na bilang isang lokal na residente, ay nagbibigay ng payo tungkol sa mga lokal na serbisyo para sa kapakanan. Bilang isang mabuting lokal na "tagapayo" at "tulay" para i-ugnay sa mga dalubhasang organisasyon, isinusulong namin ang pag-unlad ng komunidad para makapamuhay ng matiwasay.

- ➢ Itinalaga ng Pinuno ng Ministeryo ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN alinsunod sa Commissioned Welfare Volunteers Act. Bawat miyembro ay naglilingkod ng 3 taon.
- ➢ Mayroong halos 230,000 miyembro ng MINSEI-JIDO IIN sa buong bansa at sa Shizuoka ay mayroong halos 7,000 aktibong miyembro..

Ang tagapamahalang JIDO IIN ay

mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN na "nagpakadalubhasa" sa pagbibigay ng suporta sa mga alalahanin sa pag-aalaga ng bata.

- ➢ Nag-aayos kami ng mga komunikasyon sa pagitan ng mga paaralan at mga organisasyong may kaugnayan sa kapakanan ng bata at nakikipagtulungan din sa mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN para suportahan ang mga gawain na may kaugnayan sa pagpapalaki ng bata at malusog na pangangalaga ng mga bata.

Ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN

ay may tungkulin na pangalagaan ang pribadong impormasyon.

- ➢ Ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN ay may tungkulin na pangalagaan ang pribadong impormasyon kaya kayo ay nakakasiguro na ang impormasyon na tutukoy sa inyong katauhan ay gagamitin lamang sa gawain na may kinalaman sa pagbibigay tulong Huwag mag-atubiling kumonsulta sa amin

Nakikipagtulungan ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN sa iba't ibang organisasyon at institusyon.

Ilan sa mga institusyon na nakikipagtulungan sa amin ay ang mga:

● Lokal na Pamahalaan ● Opisina para sa Kapakanan ● Samahan ng Panlipunang Kapakanan ● Sentro na Naghahatid ng Pangkalahatang Suporta ● Sentro ng Konsultasyon para sa mga Bata ● Paaralan ● Samahan ng mga Residente ● Institusyong Pang-medikal atbp.

Mangyaring kumonsulta sa mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN sa inyong lugar.
Kung hindi mo alam kung sino ang mga miyembro ng MINSEI-JIDO IIN sa inyong lugar, mangyaring makipag-ugnayan sa sumusunod na lokal na pamahalaan:

Taga-paglathala: Departamento ng Lokal na Kapakanan, Lalawigan ng Shizuoka (TEL) 054-221-3525